SENTRO NG LEGAL NA TULONG
PARA SA MGA KARAPATANG PANTAO

SENTRO NG AKSYON PARA
SA MGA MANGGAGAWA

Diskriminasyon sa Trabaho

Temporaryo at Hindi Pirmihang mga Empleyado

Sa ilalim ng Mga Alituntunin ng Ontario para sa mga Karapatang Pantao (Ontario's *Human Rights Code)*, ang bawa't tao ay may karapatan sa pantay-pantay na pagtatrato sa trabaho nang walang diskriminasyon dahil sa lahi, lipi, lugar ng pinagmulan, kulay, etnikong pinagmulan, pagkamamamayan, pananampalataya, kasarian, seksuwal na oryentasyon, kapansanan, gulang, estado ng pagkakasal, estado ng pamilya at ulat ng mga pagkakasala.

Ikaw ba ay Protektado?

Ikaw ay may karapatan na magtrabaho ng walang diskriminasyon o panliligalig sa ilalim ng *Human Rights Code*. Ito ay hindi dahilan kahit na ikaw ay temporaryo, pansamantala, hindi pirmihan, o isang temporaryong manggagawa ng ahensya, manggagawang naka kontrata, sariling kontratista, o kahit na isang boluntaryo. Ikaw ay hindi dapat diskriminahin o ligaligin kapag ikaw ay nagtatrabaho. Hindi maaring iwasan ng mga maypatrabaho ang kanilang mga tungkulin sa mga karapatang pantao sa pamamagitan ng pagtawag sa iyo bilang nagtatrabaho para sa sarili. Ang *Code* ay sumasaklaw sa mga taong maaring hindi ipalagay na mga "empleyado" sa ilalim ng ibang mga batas, na gaya ng *Batas ng mga Pamantayan sa Trabaho* (*Employment Standards Act*).

Proteksyon Pagkatapos ng Oras ng Trabaho

Ang mga proteksyon sa *Code* ay sumasaklaw rin sa mga empleyado pagkatapos ng oras ng trabaho at kapag sila ay wala sa lugar ng pinagtatrabahuhan. Halimbawa, kung ikaw ay sekswal na niligalig sa labas ng trabaho ng iyong amo pagkatapos ng papgpupulong sa gabi, ikaw ay nasasakupan pa rin nito.

Mga "Domestic Worker"

Ang mga tao na inuupahan upang magtrabaho sa loob at paligid ng bahay ng isang tao, katulad ng yaya, kusinera, tagapaglinis, o hardinero, ay nasasaklawan din sa ilalim ng *Code*.

Tagal ng pagtatrabaho at proseso ng pag-upa

Ang *Code* ay sumasaklaw sa temporaryo at hindi pirmihang mga kawani kahit na gaano ka man katagal na nagtrabaho para sa organisasyon o ano mang uri ng trabaho ito. Kaya, halimbawa, kung ikaw ay inupahan lamang ng limang araw para maglinis ng isang gusali, kung ang iyong mga karapatang pantao ay nilabag sa panahong iyon, ikaw ay nasasakupan ng *Code*. Ikaw rin ay nasasaklawan nito kapag lumipat mula sa isang temporaryo patungo sa isang permanenteng posisyon at sa panahon ng proseso ng pag-upa.

Mga form para sa Aplikasyon at mga pakikipanayam

Maari kang tanungin ng "Ikaw ba ay may legal na karapatang magtrabaho sa Canada?" Kung hindi, ang maypatrabaho ay hindi dapat magtanong sa iyo ng mga tanong na may kinalaman sa mga katangian ng *Code*. Ang iyong amo ay hindi maaring manghingi sa iyo ng mga larawan, o magtanong tungkol sa lugar ng iyong kapanakan, kung ano ang iyong estado sa imigrasyon, ang petsa ng iyong kapanakan, ang iyong mga pisikal na mga katangian, o kung anong "komunidad" ka kabilang.

Probasyon

Ang mga empleyado ay protektado rin mula sa diskriminasyon o pagtatapos sa panahon ng isang probasyon. Maari ring hingiin ng *Code* sa isang maypatrabaho na isaayos ang iyong mga tungkulin sa trabaho para bumagay sa iyong ispesyal na mga pangangailangan, kung ang mga pangangailangang iyon ay nakatali sa isang karapatan na nasasakupan sa ilalim ng *Code.* Ang ispesyal na mga pangangailangang ito ay maaring may relasyon sa isang kapansanan o dahil sa ikaw ay nagsosolong magulang. Kung, halimbawa, mayroon kang kapansanan sa pandinig, kailangan kang bigyan ng maypatrabaho ng isang ispesyal na "amplifier" para sa isang telepono sa opisina.

Ang mga kontrata ay protektado rin sa ilalim ng Code

Ang mga kontrata ay protektado rin bilang isang bahagi sa ilalim ng *Code*. Ang kontrata ay isang berbal o nakasulat na kasunduan na nasasaklawan ng batas. At anumang mga kondisyon ng trabaho, tulad ng mga sahod o mga oras, na inyong pinag-sapan ng iyong amo ay isang uri ng kontrata. Ang *Code* ay sumasaklaw sa lahat ng mga uri ng kontrata kasama na ang mga independenteng mga kontratista at subkontratista. Sinuman na may legal na kakayahang pumasok sa isang kontrata ay may karapatan na gawin ito na kasama ang sinumang tao nang hindi dinidiskrimina laban sa isa sa mga kadahilang nasa *Code*.

Ano ang dapat kong gawin?

- Magtala ng mga nota – ang mga detalye ay mahalaga.
- Humanap ng anumang nakasulat na susuporta sa iyong mga pinahayag.- tulad ng isang kontrata o isang email.
- Mayroon bang mga testigo? Mayroon bang ibang mga dinidiskrimina o nililigalig? Makipag-usap sa mga taong pinagkakatiwalaan mo.
- Kung nakipag-usap ka na sa isang amo, isulat kung ano ang kanilang ginawa o hindi ginawa-maaring sila ay may pananagutan din.

Saan ako makakakuha ng tulong?

Ang Sentro ng Legal na Tulong Para sa mga Karapatang Pantao (The Human Rights Legal Support Centre)

Makipag-ugnay sa Legal Centre kung ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon at kinakailangan mo ng libreng tulong na legal para magharap mg isang aplikasyon sa Husgado ng Ontario para sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Tribunal of Ontario) o isang legal na payo sa paglutas ng isang isyu ng diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code*.

Human Rights Legal Support Centre
400 University Avenue, 7th Floor
Toronto, Ontario M7A 1X8
Tel: (416) 314-6266 Libreng Tawag: 1-866—625-5179
TTY: (416) 314-6651 TTY Libreng Tawag: 1-866 612-8627
www.hrlsc.on.ca

Kung nais mong makipag-areglo para sa isang harapang pakikipanayan, kailangan mong makipag-ugnay sa amin sa pamamagitan ng telepono sa mga numerong nasa itaas. Kung ikaw ay naninirahan sa labas ng Nakalalaking Lugar ng Toronto (Greater Toronto Area), makipag-ugnay sa amin at ating mapagpag-usapan kung paano masasalubong ang iyong mga pangangailangan. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya upang makapagbigay ng nararapat na serbisyo sa iyo sa iyong komunidad. Kami ay makakapagbigay ng serbisyo sa mahigit na 140 na mga wika.

SENTRO NG LEGAL NA TULONG PARA SA MGA KARAPATANG PANTAO

SENTRO NG AKSYON PARA SA MGA MANGGAGAWA

Ang Sento ng Aksyon para sa mga Manggagawa (Worker's Action Centre)

Ang Sentro ng Aksyon para sa mga Manggagawa ay isang organisasyon na base sa mga manggagawa na may pangakong pabutihin ang pamumuhay at mga kondisyon sa trabaho ng mga taong may mababang sahod at hindi matatag na trabaho. Nais naming makasiguro na ang mga manggagawa ay magkaroon ng boses sa trabaho at tratuhin nang may dignidad at katarungan.

Workers' Action Centre
720 Spadina Avenue, Suite 223
Toronto ON M5S 2T9
Tel: (416) 531-0778
Fax: (416) 533-0107
E-mail**:** info-AT-workersactioncentre.org
http://www.workersactioncentre.org